

Manwal ng Kaligtasan sa Elektrisidad sa Bahay



TALAAN NG NILALAMAN

Bahagi 1 Panimula P1

Bahagi 2 Mga Alituntunin sa Kaligtasan para sa mga De-kuryenteng Kasangkapan sa Bahay

2.1	Mga Tip sa Kaligtasan para sa Pagbili at Paggamit ng mga De-kuryenteng Kasangkapan	P2
2.2	Pagpapatili at Pagkumpuni ng mga De-kuryenteng Kasangkapan	P10
2.3	Karagdagang mga Tip sa Kaligtasan para sa mga Indibidwal na De-kuryenteng Kasangkapan	
2.3.1	Mga Plug	P11
2.3.2	Mga Adaptor at Extension Unit	P11
2.3.3	Mga Set ng TV at iba pang mga Produktong Audio-Video (AV)	P14
2.3.4	Mga De-kuryenteng Pampainit ng Tubig	P14
2.3.5	Mga Charger, AC Adaptor at Power Transformer	P17
2.3.6	Mga Ilaw	P18
2.3.7	Mga Air Conditioner at Dehumidifier	P20
2.3.8	Mga Bentilador, Exhaust Fan at Cooker Hood	P20
2.3.9	Mga Hair Dryer at De-kuryenteng Pampainit	P22
2.3.10	Mga Plantsa	P23
2.3.11	Mga De-kuryenteng Kumot	P23
2.3.12	Mga De-kuryenteng Rice Cooker at Takure/Kaldero, atbp.	P23
2.3.13	Mga De-kuryenteng Cooking Oven	P24
2.3.14	Mga Blender at iba pang De-kuryenteng Kasangkapan sa Pagproseso ng Pagkain	P25
2.3.15	Mga Pridyeder	P26

2.3.16	Mga Washer/Dryer	P26
2.3.17	Mga De-kuryenteng Kasangkapan sa Akwaryum	P27
2.3.18	Mga Vacuum Cleaner	P28
2.3.19	Mga De-kuryenteng Kasangkapang Ikinabit sa Muwebles	P28
2.3.20	Mga Adaptor para sa Paglalakbay	P29
2.4	Pagbawi sa mga Di-Ligtas na De-kuryenteng Kasangkapan	P30

Bahagi 3 Mga Alituntunin sa Kaligtasan para sa mga De-kuryenteng Instalasyon sa Tirahan

3.1	Mga De-kuryenteng Instalasyon at kanilang mga May-ari	
3.1.1	Mga Komunal na De-kuryenteng Instalasyon sa mga Gusali	P31
3.1.2	Mga De-kuryenteng Instalasyon sa Tirahan	P32
3.2	Mga Responsibilidad ng mga May-ari ng mga De-kuryenteng Instalasyon	P33
3.3	Mga Nakarehistrong Kontratista at Manggagawa sa Kuryente	P34
3.4	Mga Bagong Instalasyon, Pagdaragdag o Pagbabago	P35
3.5	Mga Pangkalahatang Tip para sa mga De-kuryenteng Instalasyon	P37
3.6	Pana-panahong Inspeksiyon, Pagsusuri at Sertipikasyon	P40
3.7	Wastong Paggamit at Pagpapatili ng mga De-kuryenteng Instalasyon	P42
3.8	Mga Depektong Karaniwang Matatagpuan sa mga De-kuryenteng Instalasyon	P43

Bahagi 4 Mga Katanungan o Reklamo P44

Bahagi 1 Panimula

1. Ang terminong "kaligtasan sa kuryente" ay malawakang tumutukoy sa kaligtasan sa henerasyon, paghahatid, pamamahagi at paggamit ng kuryente. Pagdating sa mga miyembro ng pangkalahatang publiko, ang pamamahagi at paggamit ng kuryente sa mga tirahan ay ang dalawang aspetong may malapit na kaugnayan sa kaligtasan ng ating sambahayan.
2. Ang di-ligtas na mga de-kuryenteng kasangkapan at de-kuryenteng instalasyon ay maaaring maging sanhi ng sunog, at ang paggamit ng mga ito ay maaari ring maging sanhi ng pagkakuryente at pinsala. Upang maprotektahan ang mga miyembro ng inyong pamilya at mga ari-arian, dapat ninyong tiyakin na mayroon kayong ligtas na kapaligiran sa sambahayan (kabilang na ang inyong mga gusali at tirahan) sa pamamagitan ng pagbibigay-pansin sa kaligtasan sa kuryente.



3. Dapat kayong bumili ng ligtas na mga de-kuryenteng kasangkapan sa bahay. Gamitin at panatilihin ang mga ito sa maayos na kondisyon. Upang matiyak ang kaligtasan ng mga de-kuryenteng instalasyon sa inyong tirahan, dapat kayong kumuha ng mga rehistradong kontratista sa kuryente upang magsagawa ng pana-panahong inspeksiyon at pagpapanatili, at upang matiyak na walang ilegal na pagdaragdag o pagbabago.

Bahagi 2 Mga Alituntunin sa Kaligtasan para sa mga De-kuryenteng Kasangkapan sa Bahay


2.1 Kiat Keamanan Membeli dan Menggunakan Peralatan Listrik

1. Bumili lamang ng mga de-kuryenteng kasangkapan na nakakatugon sa mga lokal na batas sa kaligtasan (tingnan ang tala 1) para sa paggamit sa Hong Kong. Ang mga de-kuryenteng kasangkapan na binili sa labas ng Hong Kong ay maaaring di-angkop para magamit sa ilalim ng mga lokal na kondisyon ng suplay ng kuryente (hal. rated na boltahe at dalas) at mga kondisyon sa kapaligiran (hal. temperatura at kahalumigmigan).




- Dapat mayroon ang mga de-kuryenteng kasangkapan ng tamang mga marka tulad ng ipinapakita sa dayagram o samahan ng isang abisong nagpapahiwatig nito.


- Pangalan ng Tagagawa o Tatak
- Numero ng Modelo
- Ni-rate na Boltahe – V o Volt /
Ni-rate na Frequency – Hz o Hertz
- Ni-rate na Pagkonsumo
(Ni-rate na Kuryente – A, Amp o
Ampere; o Ni-rate na Lakas – W o Watt)
- Dobleng Insulasyon o Pinalakas na
Insulasyon (Kung Naaangkop)



- Bukod sa mga nakapirming de-kuryenteng kasangkapan (hal. mga ilaw sa kisame at de-kuryenteng pampainit ng tubig) na hindi tumatanggap ng suplay ng kuryente mula sa mga saksakan, ang isang de-kuryenteng kasangkapan ay dapat nilagyan ng isang 3-pin plug na sumusunod sa mga kinakailangan pagdating sa kaligtasan.




- Huwag bumili o gumamit ng anumang mga de-kuryenteng kasangkapang nilagyan ng 2-pin plug maliban na lamang kung ang kasangkapan ay nilagyan ng 2-round-pin plug na sumusunod sa pamantayan sa kaligtasang BS4573 o EN50075 at dinisenyo upang makatanggap ng suplay ng kuryente mula sa isang shaver supply unit sa loob ng isang banyo (hal. electric shaver, sipilyo o epilator).



- Para sa lahat ng mga nakapirming de-kuryenteng kasangkapang hindi tumatanggap ng suplay ng kuryente mula sa mga saksakan, ang koneksiyon ng suplay ng kuryente ay dapat isagawa ng isang rehistradong kontratista sa kuryente (tingnan ang Bahagi 3 para sa mga detalye).
- Upang maiwasan ang makuryente, ang mga de-kuryenteng kasangkapan ay dapat na epektibong naka-earthed, ibig sabihin, ang metalikong casing ng isang de-kuryenteng kasangkapan ay konektado sa "earth" pin ng plug nito. Ang mga de-kuryenteng kasangkapan na walang earth na koneksiyon ay dapat mayroong disenyo ng dobleng insulasyon o pinalakas na insulasyon, at ang mga naturang kasangkapan ay karaniwang may simbolong "□".

7. Ang mga de-kuryenteng kasangkapan ay dapat na sinasamahan ng mga tamang manwal ng operasyon na naglalarawan ng pagkabit, paggawa at mga pamamaraan ng operasyon at pag-iingat. Sundin ang mga tagubilin na nakasaad sa manwal nito kapag gumagamit ng isang de-kuryenteng kasangkapan.




8. Anumang de-kuryenteng kasangkapan na may rated na boltaheng mas mababa sa 200V a.c. (hal. audio-video (AV) na mga kasangkapan na rated na 110V a.c.) ay hindi dapat konektado nang direkta sa 220V a.c. na sistema ng suplay ng kuryente sa bahay sa Hong Kong. Ang anumang naturang kasangkapan ay dapat magtaglay ng isang wastong karatula ng babala.

警告 BABALA

此產品不應直接接駁香港的電力供應系統，否則可導致人身受傷或財產受損。

Ang produktong ito ay hindi dapat konektado nang direkta sa sistema ng suplay ng kuryente sa Hong Kong. Kung hindi, maaaring magresulta ito sa personal na pinsala o pinsala sa ari-arian.

9. Itakda ang voltage selector, kung mayroon man, ng isang de-kuryenteng kasangkapan sa 220V a.c. (ang boltahe ng sambahayan sa Hong Kong). Kung hindi man, maaari itong makapinsala sa kasangkapan at maging sanhi ng sunog.




10. Bago gamitin, suriin ang mga de-kuryenteng kasangkapan (kabilang ang mga plug at nababaluktot na mga kable ng kuryente) upang makita kung sira o gasgas na ang mga ito, lalo na kung hindi ginamit ang mga ito sa mahabang panahon.




11. Ang mga de-kuryenteng kasangkapan ay dapat na maayos na nakapirmi at may matatag na mga istraktura para sa maayos na operasyon. Sa normal na operasyon, hindi dapat magkaroon ng anumang senyales ng sobrang pagkainit (hal. pagkawalan ng kulay, pagkasunog at pagkasira ng anyo) o mahirap na pagsisindi, labis na ingay o panginginginig, basag o maluwang na bahagi. Kung ang kaligtasan ng isang de-kuryenteng kasangkapan ay pinagdududahan, itigil ang paggamit nito at ipasuri ito sa isang bihasang tekniko para ma-inspeksiyonan.




12. Buksan lamang ang isang de-kuryenteng kasangkapan kapag matatag nang nakasaksak ito sa isang saksakan, at tanggalin lamang mula sa saksakan ang isang de-kuryenteng kasangkapan kapag nakapatay na ito. Kung hindi ito gagawin, maaari itong maging sanhi ng panganib na nagmumula sa pag-siklab nito.




13. Huwag tanggalin mula sa saksakan ang isang de-kuryenteng kasangkapan sa pamamagitan ng paghila ng nababaluktot nitong kable ng kuryente. Kung hindi, maaari itong makapinsala sa koneksiyon ng kawad at maging sanhi ng panganib.




14. Tiyakin na may sapat na espasyo sa paligid ng isang de-kuryenteng kasangkapan para sa pag-alis ng init. Upang maiwasan ang sobrang pagkainit at sunog, huwag takpan ang mga de-kuryenteng kasangkapan o maglagay ng mga bagay sa kanilang paligid. Ang mga set ng TV at iba pang mga produktong AV, charger, ilaw, bentilador, de-kuryenteng pampainit, pridyeder, washer/dryer, atbp. ay may mga partikular na alalahanin.




15. Ang isang de-kuryenteng kasangkapan na may mataas na pagkonsumo ng kuryente (hal. air conditioner, dehumidifier, de-kuryenteng pampainit, de-kuryenteng takure/kaldero, de-kuryenteng rice cooker at washer/dryer) ay dapat makatanggap ng suplay ng kuryente mula sa isang solong nakapirming saksakan kung saan dapat iwasan ang koneksiyon ng anumang iba pang kasangkapan.



16. Panatiliing malayo ang mga bata sa mga gumaganang de-kuryenteng kasangkapan, lalo na ang mga may parteng umiinit at umiikot (hal. mga ilaw, hair dryer, plantsa, de-kuryenteng pampainit, de-kuryenteng cooking oven, bentilador at washer/dryer).




17. Huwag hayaan ang nababaluktot na kable ng kuryente ng anumang de-kuryenteng kasangkapan na matamaan o maging masyadong malapit sa anumang mainit na bagay (hal. cooking range at de-kuryenteng pampainit).



18. Upang maiwasan ang panganib, huwag hayaang tumagos ang tubig o maglagay ng anumang sisidlang naglalaman ng tubig sa anumang de-kuryenteng kasangkapan. Ilayo ang mga de-kuryenteng kasangkapan mula sa mga bintana o balkonahe.




19. Upang maiwasan ang pagkakuryente, iwasan ang paggamit ng anumang extension unit sa isang basa o mahalumigmig na kapaligiran (hal. banyo o kusina). Dapat ipairal ang mahusay na pag-aalaga habang gumagamit ng isang de-kuryenteng kasangkapan sa naturang kapaligiran.



20. Iwasang hawakan ang anumang de-kuryenteng kasangkapan, saksakan o pindutan kung basa ang mga kamay.




21. Ilagay ang de-kuryenteng kasangkapan sa isang patag at matatag na patungan, at tiyakin na walang labis na tensiyon ang inilalapat sa nababaluktot na kable ng kuryente nito.



22. Huwag gumamit ng anumang sangkap ng kemikal na nagpapasiklab (hal. pamatay-insekto at thinner) malapit sa isang gumaganang de-kuryenteng kasangkapan.



23. Para sa inyong kaligtasan, bago lumabas sa kinaroroonan, ang mga de-kuryenteng kasangkapan (maliban sa mahahalagang kasangkapan) ay dapat patayin hangga't maaari.



24. Para sa ilang mga de-kuryenteng kasangkapan, ang panimulang daloy ng kuryente ay maaaring ilang beses na mas malakas kaysa sa normal na operasyon. Samakatuwid, kapag mawalan ng kuryente, ang mga pangunahing de-kuryenteng kasangkapan ay dapat patayin. Kung hindi, magkakaroon muli ng pagkawala ng kuryente dahil sa circuit overload pag bumalik na ang daloy ng kuryente. Bukod dito, maaari din itong maging sanhi ng pinsala kung ang isang gumaganang de-kuryenteng kasangkapan ay may parteng umiinit o umiikot nang hindi nalalaman ng gumagamit.

2.2 Pagpapanatili at Pagkumpuni ng mga De-kuryenteng Kasangkapan

1. Sundin ang mga tagubilin na nakasaad sa mga manwal ng paggamit upang linisin ang mga de-kuryenteng kasangkapan sa takdang panahon. Tanggalin mula sa saksakan ang mga de-kuryenteng kasangkapan bago linisin ang mga ito.



2. Tiyakin na ang de-kuryenteng kasangkapan ay tumatakbo sa isang kapaligiran kung saan ang mga kondisyon (hal. temperatura at halumigmig) ay sumasang-ayon sa tinutukoy sa manwal ng paggamit.


3. Kumuha ng mga bihasang tekniko upang magsagawa ng inspeksiyon at pagkumpuni ng mga de-kuryenteng kasangkapan sa takdang panahon.



2.3 Karagdagang mga Tip sa Kaligtasan para sa mga Indibidwal na De-kuryenteng Kasangkapan

1. Mga Plug


- Bumili at gumamit lamang ng mga 3-pin plug na sumusunod sa mga kinakailangan pagdating sa kaligtasan.
- Ang mga 3-pin plug ay dapat na minarkahan ng lahat ng impormasyon tulad ng ipinapakita sa dayagram.




2. Mga Adaptor at Extension Unit

- Bumili at gumamit lamang ng mga adaptor at mga extension unit na sumusunod sa mga kinakailangan pagdating sa kaligtasan.


- Ang mga butas ng saksakan ay dapat na nilagyan ng mga panara para sa kaligtasan.




- Huwag bumili o gumamit ng anumang adaptor o extension unit na nilagyan ng di-regular na mga butas ng saksakan. Ang bawat saksakan ay dapat makasaksak lamang ng isang uri ng plug.




- Upang maiwasan ang circuit overload at sunog, hindi hihigit sa isang adaptor o isang extension unit lamang ang nakakabit sa isang saksakan. Walang adaptor ang dapat na nakasaksak sa anumang extension unit, at gayon din ang kabaligtaran.




- Huwag ipasok ang isang 2-pin plug sa isang 3-pin-hole na saksakan, adaptor o extension unit nang puwersahan.




- Itigil ang paggamit ng adaptor o extension unit kung ang mga butas ng saksakan nito ay hindi makayanang hawakan ng mahigpit ang plug o kung napakahirap na ipasok ang plug dito.



- Huwag maglagay ng anumang extension unit sa basa o mahalumigmig na kapaligiran (hal. banyo at kusina).




- Huwag pabayaang nakabitin ang anumang extension unit sa pamamagitan ng nababaluktot na kable ng kuryente nito. Kung hindi, maaari itong makapinsala sa mga koneksiyon ng kawad at maging sanhi ng panganib.




3. Mga Set ng TV at iba pang mga Produktong Audio-Video (AV)


- Hindari menempatan produk AV apa pun di lingkungan yang lembab, berdebu, atau panas, atau di bawah sinar matahari langsung.



- Putuskan catu daya jika produk AV tidak digunakan dalam waktu lama. Hindari mematakannya hanya dengan pengendali jarak jauh.



- Tempatkan produk AV pada permukaan yang rata dan kokoh agar mencegah jatuh dan menyebabkan cedera.



4. Mga De-kuryenteng Pampainit ng Tubig

- Para sa bagong pag-install ng de-kuryenteng pampainit ng tubig, ang mga nakapirming de-kuryenteng instalasyon at mga tubo ng tubig ay dapat na ma-install ng isang Rehistradong Kontratista sa Kuryente (REC) at ng isang itinalagang tao# , ayon sa pagkakabanggit, batay sa kinakailangan ng Kagawaran ng Suplay ng Tubig (WSD).

(Paalala: # Para sa mga detalye ng itinalagang tao, mangyaring bisitahin ang website ng WSD: Kumuha ng isang Lisensiyadong Tubero.)


- Ang mga de-kuryenteng pampainit ng tubig na karaniwang ginagamit sa mga sambahayan ay ang shower type (kilala rin bilang low-pressure water storage type o open-outlet type) at unvented thermal storage type.



Open-outlet Type na Mixer ng Tubig


- Ang tangke ng imbakan ng tubig ng isang shower type na de-kuryenteng pampainit ng tubig ay hindi dapat pressurized. Ang presyon sa loob ng tangke ay pinapahupa sa pamamagitan ng outlet ng tubig, nababaluktot na hose at showerhead upang maiwasan ang pagbuo ng labis na mataas na presyon. Dapat lamang itong kabitan ng isang mixing faucet at mga shower accessory (kabilang ang nababaluktot na hose at showerhead) mula sa tagagawa mismo nito o galing sa alternatibong mixing faucet at mga shower accessory na inaprubahan ng tagagawa.

- Ang outlet ng tubig ng isang shower type na de-kuryenteng pampainit ng tubig ay dapat manatiling dinahaharangan. Sa normal na operasyon, ang kaunting singaw/tubig ay maaaring lumabas mula sa showerhead. Para maiwasan ang pamumuo ng labis na mataas na presyon sa loob ng tangke at tuluyang pagsabog nito, huwag mag lagay ng on/off kontrol na balbula o magkabit ng outlet sa lababo o banyera.




On/Off Control Valve

- Ang showerhead na may on/off valve ay hindi dapat na naka-install para sa shower type na de-kuryenteng pampainit ng tubig upang maiwasan ang labis na presyon na magbuo sa loob ng tangke ng imbakan ng tubig.



On/Off Control Valve

- Ang tangke ng imbakan ng tubig ng isang unvented thermal storage type na de-kuryenteng pampainit ng tubig ay may kakayahang makayanan ang tiyak na antas ng mataas na presyon. Ang isang de-kuryenteng pampainit ng tubig na ganitong uri ay dapat na kinabit ng isang relief valve para sa temperatura at presyon bukod pa sa thermostat at thermal cutout.



Relief Valve para sa Temperatura at Presyon


- Kung makatagpo ng anumang abnormalidad, patayin agad ang de-kuryenteng pampainit ng tubig at kumuha ng isang bihasang tekniko upang inspeksiyunin ito.



- Patayin ang mga de-kuryenteng pampainit ng tubig pagkatapos gamitin.

5. Mga Charger, AC Adaptor at Power Transformer


- Dapat mag-ingat kapag bumibili o gumagamit
- 1. ng mga charger ng baterya (para sa mga selpon o iba pang mga produkto),
- 2. Mga AC adaptor (para sa mga notebook computer o portable video/ still camera, atbp.), at
- 3. mga power transformer (para sa mga de-kuryenteng kasangkapan na ni-rate sa isang boltahe maliban sa 220V na ginagamit sa Hong Kong (hal. mga produktong AV na ni-rate sa 110V)).



- Iwasan ang pagkonekta sa suplay ng kuryente kung hindi ito ginagamit.
- Sa normal na operasyon, maaari silang maging mainit-init. Gayunpaman, hindi sila dapat maging masyadong mainit (hal. masyadong mainit para hawakan).
- Tiyakin na ang boltahe ng output ng isang charger, AC adaptor o power transformer ay tumutugma sa boltahe ng input ng kasangkapang ikokonekta. Gayundin, ang rated output power (o kuryente) ay hindi dapat mas mababa kaysa sa input power (o kuryente) ng kasangkapan.
- Ang oras ng pag-charge ng baterya ay hindi dapat masyadong matagal. Sundin ang mga tagubilin na nakasaad sa mga manwal ng paggamit. Iwasang mag-iwan ng anumang tumatakbong charger ng baterya nang walang bantay.







- Huwag hayaang matamaan ng mga electrode ng output connector ang anumang metal na bagay (hal. metalikong casing ng isang de-kuryenteng kasangkapan). Kung hindi, maaari itong maging sanhi ng short circuit at sunog.



6. Mga Ilaw


- Suriin kung ang isang ilaw ay angkop para sa direktang paglalagay sa isang masunugin na patungan (hal. kahoy o fiber false ceiling), at suriin kung ang isang bombilya ng lampara ay dapat gumana nang nasa mas mababang posisyon ang takip ng lampara nito. Tingnan kung mayroong anumang mga kaugnay na simbolo.

	Angkop para sa direktang paglalagay sa isang masunugin na patungan
	Hindi angkop para sa direktang paglalagay sa isang masunugin na patungan
	Angkop para sa paglalagay sa isang masunugin na patungan kung gagamitan ng thermal insulasyong materyal upang paghiwalayin ang ilaw mula sa patungan
	Ang takip ng lampara ay dapat na nasa mas mababang posisyon

- Upang maiwasan ang pagkasunog, huwag hawakan ang isang nakasinding bombilya ng lampara. Ang paggawa nito gamit ang basang kamay ay maaari ring maging sanhi ng pagkabasag ng bombilya.





- Ang na-rate na wattage ng isang bombilya ng lampara ay hindi dapat mas mataas kaysa sa tinukoy para sa lalagyan ng lampara. Kung hindi, maaari nitong gawing sobrang init ang lalagyan ng lampara o ang lampshade at maging sanhi ng sunog.



- Bago palitan ang isang bombilya ng lampara, patayin muna ito at hayaan itong lumamig.

- Upang maiwasan ang sunog, huwag maglagay ng anumang ilaw (lalo na ang mga high-power) malapit sa anumang kurtina, alpombra, tela, atbp. Suriin kung mayroong simbolo na tumutukoy sa kinakailangang pinakamababang distansiya na dapat mapanatili sa pagitan ng ilaw at ng mga naiilawan na bagay.



Ang "m" ay agrerepresenta sa distansiya

- Upang makatipid sa enerhiya, gumamit ng mga lampara na matipid sa enerhiya hangga't maaari.

- Ang mga pangkalahatang lokal na pandekorasyong ilaw para sa Pasko ay hindi earthed. Samakatuwid, ang mga ilaw ay dapat mayroong disenyo ng dobleng insulasyon o pinalakas na insulasyon. Bukod dito, ang mga ilaw na ito ay hindi waterproof ang disenyo. Huwag gamitin ang mga ito sa isang panlabas na kapaligiran.



7. Mga Air Conditioner at Dehumidifier

- Upang maiwasan ang pinsala sa air conditioner o dehumidifier, huwag buksan ito sa loob ng 3 minuto pagkatapos patayin ito.



- Siguraduhing ang intake at outlet grille ng hangin ay hindi nahaharangan.




8. Mga Bentilador, Exhaust Fan at Cooker Hood

- Mag-install o maglagay ng bentilador sa isang lokasyon kung saan may sapat na espasyo para sa libreng paggalaw at pag-alis ng init.




- Pigilan ang anumang maluwang na bagay (hal. papel at tela) na mahigop ng tumatakbong bentilador, exhaust fan o cooker hood. Kung hindi, maaari itong maging sanhi ng sobrang pagkainit at pagliyab.




- Upang maiwasan ang pinsala, iwasan ang paghawak sa isang tumatakbong bentilador sa kisame habang umaandar ito sa mataas na antas. Upang maiwasan na bumagsak ang bentilador sa kisame, ang pagkabit nito ay dapat sumunod sa mga kinakailangan na nakasaad sa manwal ng paggamit.



- Suriin kung madali para sa mga bata na maipasok ang kanilang mga daliri sa fan guard. Suriin din kung ang fan guard ay mading mailuwang o matanggal ng mga bata.



- Suriin kung ang nababaluktot na kable ng kuryente sa pagitan ng gumagalaw at nakapirming mga bahagi ng bentilador ay napinsala na dahil sa matagal na paggamit. Ang isang nasirang kable ay maaaring maging sanhi ng panganib na nagmumula sa short circuit o pagkakalantad ng mga live wire core.




- Sundin ang mga tagubilin na nakasaad sa manwal ng paggamit upang linisin ang mga bentilador, exhaust fan at cooker hood sa takdang panahon. Ang labis na alikabok sa motor ng bentilador ay maaaring makahadlang sa normal na pag-alis nito ng init.



9. Mga Hair Dryer at De-kuryenteng Pampainit

- Upang maiwasan ang sunog, huwag maglagay ng isang tumatakbong de-kuryenteng pampainit malapit sa anumang masunugin na bagay (hal. kumot, tela, kurtina, alpombra at sopa).
- Huwag harangan ang air intake grille at outlet nozzle ng isang tumatakbong hair dryer o blowing type na de-kuryenteng pampainit. Kung hindi, maaari itong magdulot ng sobrang pagkainit ng mga elemento na siyang maging sanhi ng sunog.
- Iwasan ang paggamit ng anumang portable na de-kuryenteng pampainit sa loob ng banyo. Ang aksidenteng pagtagos ng tubig sa isang de-kuryenteng pampainit ay maaaring maging sanhi ng pagkakuryente.
- Ilagay ang de-kuryenteng pampainit sa isang patag at matatag na patungan upang maiwasan ang pagkahulog nito na siyang magdulot ng sunog o pagkapaso.




10. Mga Plantsa

- Kapag hindi nagpaplantsa, ilagay ang mainit na plantsa sa isang patag at matatag na patungan. Tanggalin mula sa saksakan ang plantsa bago punuan ito ng tubig. Pagkatapos gamitin ito, ilagay ang plantsa sa isang patag at matatag na patungan na hindi maabot ng mga bata upang palamigin ito.




11. Mga De-kuryenteng Kumot

- Huwag itiklop ang de-kuryenteng kumot sa maling paraan o maglagay ng anumang mabibigat na bagay sa ibabaw nito. Kung hindi, maaari itong maging sanhi ng sobrang pagkainit at sunog. Sundin ang mga tagubilin na nakasaad sa manwal ng paggamit.



12. Mga De-kuryenteng Rice Cooker at Takure/Kaldero, atbp.

- Kapag pinupuno ang isang de-kuryenteng rice cooker, takure/palayok, multi-function cooker o coffee maker, atbp., huwag ipatama ang konektor sa isang dulo ng nababaluktot na kable ng kuryente at ang saksakan ng kasangkapan sa tubig. Tiyakin na ang konektor at ang saksakan ay hindi sira ang anyo dahil sa matagal na pag gamit upang maiwasan ang mahinang kontak sa kuryente at sobrang pagkainit. Huwag punuan ito ng tubig nang lalapas sa pinakamataas na antas ayon sa naka takdang pag gamit nito.




- Siguraduhin na ang ilalim ng rice pan ay tuyo bago ito ilagay sa loob ng rice cooker, at hindi barado ang condensate collector.



- Siguraduhing walang pagtagos ng tubig sa kasangkapan habang ang pagkain ay pinoproseso.



- Huwag ibabad ang kasangkapan o banlawan ito sa tubig habang nililinis ito.



13. Mga De-kuryenteng Cooking Oven

- Upang maiwasan ang sunog, huwag maglagay ng anumang masunugin na bagay malapit sa isang de-kuryenteng cooking oven (hal. microwave oven, de-kuryenteng oven, toaster at toaster oven).




- Kapag gumagamit ng microwave, de-kuryente o toaster oven, huwag hayaang tumilamsik ang tubig sa mainit na viewing glass. Kung hindi, maaari itong maging sanhi ng pagkabasag ng salamin at panganib.

- Huwag gumamit ng anumang kagamitan na may mga sangkap na metal sa isang microwave oven. Kung hindi, maaari itong maging sanhi ng pagsabog at pagliyab. Tulad ng maraming mga plastik na kagamitan na binubuo ng di-nakikitang mga sangkap na metal, pumili lamang ng angkop na mga kagamitan para magamit sa mga microwave oven.



- Huwag maginit ng hilaw ng itlog (mayroon mang balat o wala) o nut sa microwave oven dahil maaaring magresulta ito sa pagsabog. Basahin nang mabuti ang mga tagubilin sa manwal ng paggamit.




- Mag-ingat sa pag-overcook at panganib sa sunog. Huwag mag-iwan ng anumang tumatakbong de-kuryenteng cooking oven nang walang bantay.



14. **Mga Blender at iba pang De-kuryenteng Kasangkapan sa Pagproseso ng Pagkain**

- Tiyakin na mayroong sapat na pagkain sa blender, juice extractor o iba pang aparato na nagpoproseso ng pagkain bago simulan ang paggamit nito. Ang ganitong kasangkapan ay hindi dapat gamitin nang matagal. Sundin ang mga tagubilin na nakasaad sa manwal ng paggamit.

- pagkain ay dapat nakapirmi nang maayos. Tiyaking sarado at ligtas ang takip ng sisidlan bago paandarin ang de-kuryenteng kasangkapan ito.




- Tanggalin mula sa saksakan ng suplay ng kuryente kapag ito'y hindi ginagamit o kung pinapalitan ang parteng umiikot.



15. **Mga Pridyeder**

- Kung ang pridyeder ay hindi gagamitin nang matagal na panahon, alisin ang mga pagkain sa loob nito at tanggalin ang kable nito mula sa saksakan.



16. **Mga Washer/Dryer**


- Iwasang mag-iwan ng anumang tumatakbong washer/dryer nang walang bantay.

- Huwag lumampas sa kapasidad ng paglo-load at sumunod sa naaangkop na setting ng temperatura at oras ng pagpapatuyo tulad ng nakasaad sa manwal ng paggamit.



- Huwag isalang ang mga damit na mayroong down, latex, goma o waks, atbp. sa dryer. Kung hindi, maaari itong maging sanhi ng sobrang pagkainit at sunog.

- Sundin ang mga tagubilin na nakasaad sa manwal ng paggamit upang alisin ang mga bagay na di kailangan mula sa sistema ng paagusan nito sa takdang panahon. Ito ay para maiwasan ang labis na pagkainit ng bomba sa paagusan.




- Iwasan ang pagharang sa exhaust vent ng dryer. Kung hindi, maaari itong maging sanhi ng labis na pagkainit sa loob ng makina. Linisin ang vent filter sa takdang panahon.




17. Mga De-kuryenteng Kasangkapan sa Akwaryum

- Tiyaking walang pagtagos ng tubig sa anumang de-kuryenteng kasangkapan sa akwaryum (hal. ilaw ng akwaryum, filter at air pump) kapag pinupunuan ang tangke ng akwaryum. Kung hindi, maaari itong maging sanhi ng pagtagas ng kuryente.
- Siguraduhing ang mga de-kuryenteng kasangkapan ay labas sa antas ng tubig. Mag-ingat sa posibleng pagtilamsik sa mga kasangkapan dahil sa paggalaw ng mga isda.
- Mas mabuting bumili at gumamit ng mga waterproof na de-kuryenteng kasangkapan sa akwaryum.



- Ang heating tube ng isang immersion-type na pampainit ay dapat na ganap na nakalubog sa tubig bago buksan ito. Kung hindi, maaari itong maging sanhi ng pagkabasag ng salamin at panganib.




18. Mga Vacuum Cleaner

- Huwag gumamit ng vacuum cleaner upang sipsipin ang tubig. Kung hindi, maaari itong maging sanhi ng pagtagas ng kuryente.
- Upang maiwasan ang sobrang pagkainit ng vacuum cleaner, sundin ang mga tagubilin na nakasaad sa manwal ng paggamit upang linisin ang dust bag sa takdang panahon.



19. Mga De-kuryenteng Kasangkapan Ikinabit sa Muwebles

- Ang mga de-kuryenteng kasangkapan ikinabit sa muwebles (hal. mga ilaw at pindutan) ay dapat sumunod sa mga kinakailangan ng batas pagdating sa kaligtasan.
- Ang anumang naturang kasangkapan ay dapat nilagyan ng isang 3-pin plug na sumusunod sa mga kinakailangan pagdating sa kaligtasan, at ang mga bahagi nito (kabilang na ang nababaluktot na kable na kumonekta sa plug, pindutan, kawad ng kuryente at mga konektor, atbp.) ay dapat na maayos na nakapirmi.



Bahagi 3 Mga Alituntunin sa Kaligtasan para sa mga De-kuryenteng Instalasyon sa Tirahan

3.1 Mga De-kuryenteng Instalasyon at kanilang mga May-ari

1. Mga Komunal na De-kuryenteng Instalasyon sa mga Gusali


- Kasama sa komunal na de-kuryenteng instalasyon sa isang gusali ang pangunahing pindutan, mga sub-circuit na pindutan at mga kawad ng kuryente (hal. mga riser) para sa pagsusuplay ng kuryente sa lahat ng mga indibidwal na tirahan at tindahan sa gusaling iyon, at kasama rin ang iba pang mga komunal na de-kuryenteng pasilidad (hal. mga elebeytor, pump ng tubig at pailaw na pasilidad sa mga lobby at hagdanan).



- Kasama sa mga may-ari ng komunal na de-kuryenteng instalasyon sa gusali ang mga inkorporadong may-ari at ahente ng pamamahala ng ari-arian ng gusaling iyon. Kung walang mga inkorporadong may-ari, kasama sa mga may-ari ng komunal na de-kuryenteng instalasyon ang mga may-ari ng lupa, naninirahan at nangungupahan ng lahat ng mga indibidwal na tirahan at tindahan.

2. Mga De-kuryenteng Instalasyon sa Tirahan

- Kasama sa de-kuryenteng instalasyon sa tirahan ang distribution board, mga kawad ng kuryente, pindutan, saksakan at anumang de-kuryenteng kasangkapan na tumatanggap ng kuryente mula sa mga bagay na iba kaysa saksakan.



- Kasama sa mga may-ari ng mga de-kuryenteng instalasyon sa isang tirahan ang mga may-ari ng lupa, naninirahan at nangungupahan ng tirahang iyon.

3.2 Mga Responsibilidad ng mga May-ari ng mga De-kuryenteng Instalasyon

1. Gumawa ng mga naaangkop na hakbang (hal. paghahanda para sa nararapat na pagpapanatili at pagkukumpuni) upang maiwasan ang mga aksidente sa kuryente.
2. Tiyakin na ang kanilang mga de-kuryenteng instalasyon ay walang anumang ilegal na pagdaragdag o pagbabago.



3. Kumuha ng mga rehistradong kontratista sa kuryente upang maisagawa ang anumang gawaing elektrikal (hal. pagdaragdag, pagbabago, inspeksiyon, pagsusuri at pagkukumpuni ng de-kuryenteng instalasyon), kabilang na ang mga may kaugnayan sa pagsasaayos na gawain. Ang mga rehistradong kontratista sa kuryente ay dapat kumuha ng mga nakarehistrong manggagawa sa kuryente na may naaangkop na mga grado upang magsagawa ng iba't ibang katagorya ng gawaing elektrikal.



4. Kumuha ng mga rehistradong kontratista sa kuryente upang inspeksiyunin at suriin ang kanilang mga de-kuryenteng instalasyon sa takdang panahon.

3.3 Mga Nakarehistrong Kontratista at Manggagawa sa Kuryente

1. Ang mga listahan ng mga pangalan ng mga nakarehistrong kontratista/manggagawa sa kuryente ay sumangguni sa Tanggapan ng Pagpaparehistro at mga Lisensiya ng Departamento ng mga Serbisyong Elektrikal at Mekanikal (EMSD). Ang listahan ng mga pangalan ng mga kontratista ay makikita rin sa Sentro ng mga Serbisyo ng Pampublikong Pagtatanong ng lahat ng mga Opisinang Pandistrito.
2. Ang mga sertipiko ng mga nakarehistrong kontratista ay dapat na nakapaskil nang malinaw sa kanilang tanggapan.




3. Ang mga nakarehistrong manggagawa ay mayroong mga sertipiko na galing mismo sa EMSD para sa layunin ng pagkakakilanlan.



3.4 Mga Bagong Instalasyon, Pagdaragdag o Pagbabago

1. Ang mga bagong de-kuryenteng instalasyon at anumang karagdagan o pagbabago sa isang umiiral na de-kuryenteng instalasyon ay dapat sumunod sa mga kasalukuyang kinakailangan sa batas ukol sa kaligtasan.




2. Bago magsagawa ng anumang karagdagan o pagbabago sa isang de-kuryenteng instalasyon, ang mga may-ari ay dapat kumuha ng isang rehistradong kontratista sa kuryente upang magsagawa ng isang pag-aaral ukol sa posibilidad nito. Dapat ding isaalang-alang ng mga may-ari ang pangangailangan sa kuryente sa hinaharap upang mapagpasyahan kung kinakailangang mag-aplay sa kumpanya ng kuryente para sa pagtaas ng aprubadong paglo-load ng instalasyon.



3. Kapag ang mga gawaing elektrikal (kabilang na ang mga bagong instalasyon, karagdagan, pagbabago at pagkukumpuni) ay nakumpleto na, ang mga de-kuryenteng instalasyon ay dapat na inspeksyunin at subukan sa pamamagitan ng isang rehistradong manggagawa sa kuryente bago suplayan ng enerhiya ang instalasyon.



4. Pagkatapos ng inspeksiyon at pagsusuri, ang nakarehistrong kontratista at manggagawa sa kuryente ay dapat maglabas ng Sertipiko ng Pagkumpleto ng Trabaho (EMSD Form WR1) upang kumpirmahin na ang de-kuryenteng instalasyon ay ligtas at sumusunod sa mga kinakailangan sa batas pagdating sa kaligtasan.



Ordinansa sa Elektrisidad (Cap. 406)
Mga Regulasyon sa Elektrisidad (Pagkakatwag)
Sertipiko ng Pagkumpleto ng Trabaho - Form WR1

5. Hindi kinakailangan ng mga may-ari na isumite ang sertipikong ito sa EMSD. Gayunpaman, dapat nilang itago ito para maisangguni sa hinaharap.




3.5 Mga Pangkalahatang Tip para sa mga De-kuryenteng Instalasyon


1. Ang mga de-kuryenteng instalasyon ay dapat magkaroon ng epektibong pag-earthing. Upang matiyak ang kaligtasan, huwag alisin ang anumang earthing na koneksiyon.



2. Ang mga nakatagong kawad ng kuryente ng mga bagong de-kuryenteng instalasyon ay dapat mayroong angkop na mekanikal na proteksiyon (hal. mga daluyan).




3. Ang mga kawad ng kuryente ay dapat nakahiwalay mula sa mga kable ng telepono/telekomunikasyon. Ang mga kable ng dalawang kategoryang ito ay hindi dapat naka-install sa loob ng parehong daluyan o trak maliban na lamang kung ang mga tukoy na kinakailangan pagdating sa kaligtasan ay nasusunod.




4. Ang mga lupon ng pamamahagi (distribution board) ay dapat mayroong mga tatak ng pagkakakilanlan upang ipahiwatig ang mga layunin ng mga indibidwal na circuit.




5. Ang isang de-kuryenteng kasangkapan na may mataas na pagkonsumo ng kuryente ay dapat makatanggap ng suplay ng kuryente mula sa iisang saksakan. Kung kaya't dapat may sapat na dami ng saksakan ang naka-kabit.




6. Ang anumang saksakan na naka-kabit sa banyo ay dapat hindi bababa sa 0.6 metro ang layo mula sa anumang paliguan at bathtub.




7. Ang mga saksakan ng kuryente ay dapat na naka-kabit ng malayo hangga't maaari mula sa anumang gripo ng tubig, gripo ng gas at cooking range.




8. Ang mga circuit para sa mga saksakan ay dapat na protektado ng residual current device (RCD) (tinatawag ding "earth leakage circuit breaker (ELCB)").



9. Ang mga panlabas na ilaw, saksakan at pindutan ay dapat weatherproof o hindi tinatablan ng panahon.



10. Para sa ilaw, exhaust fan at de-kuryenteng pampainit ng tubig sa loob ng banyo, ang mga on/off na pindutan ay dapat na nakakabit sa labas ng banyo.



11. Para sa higit pang mga kinakailangan pagdating sa kaligtasan ng mga de-kuryenteng instalasyon, maaari kayong kumunsulta sa mga nakarehistrong kontratista/manggagawa sa kuryente.



3.6 Pana-panahong Inspeksiyon, Pagsusuri at Sertipikasyon

1. Upang matiyak ang kaligtasan, ang anumang de-kuryenteng instalasyon sa isang tirahan, tindahan at opisina at komunal na de-kuryenteng instalasyon ng anumang gusali ay dapat inspeksiyunin, suriin at sertipikahin sa isang Sertipiko ng Pana-panahong Pagsusuri (EMSD Form WR2) nang hindi bababa sa isang beses kada 5 taon kung ang naaprubahang paglo-load ay lagpas sa 100A (Ampere).



2. Ang naaprubahang paglo-load ng komunal na de-kuryenteng instalasyon sa karamihan ng mga gusali ay lagpas sa 100A, samantalang ang mga de-kuryenteng instalasyon sa mga pangkalahatang tirahan ay karaniwang hindi lalagpas dito. Kung may pag-aalinlangan, ang mga may-ari ay maaaring kumuha ng isang rehistradong kontratista sa kuryente upang suriin ito.



- Pagkatapos ng inspeksiyon, pagsusuri at pagkukumpuni, ang nakarehistrong kontratista at manggagawa sa kuryente ay dapat mag-labas ng Sertipiko ng Pana-panahong Pagsusuri upang kumpirmahin na ang de-kuryenteng instalasyon ay ligtas at sumusunod sa mga kinakailangan sa batas pagdating sa kaligtasan.



Ordinansa sa Elektrisidad (Cap. 406)
 Mga Regulasyon sa Elektrisidad (Pagkawad)
 Sertipiko ng Pana-panahong Pagsusuri - Form WR2

- Ang mga may-ari ng de-kuryenteng instalasyon ay dapat magsumite ng sertipiko sa EMSD para sa pag-endorso. Pagkatapos nito, dapat nilang panatilihin ang sertipiko para sa inspeksiyon sa hinaharap ng EMSD.
- Ang mga may-ari ay maaaring kumunsulta sa isang rehistradong kontratista/manggagawa sa kuryente para sa mga checklist ng pana-panahong inspeksiyon at pagsusuri ng mga de-kuryenteng instalasyon.

3.7 Wastong Paggamit at Pagpapanatili ng mga De-kuryenteng Instalasyon

- Ihanda ang agarang inspeksiyon at pagkukumpuni ng isang nakarehistrong kontratista sa kuryente kung may pagaalinlangan tungkol sa kaligtasan ng isang de-kuryenteng instalasyon (hal. pagtagos sa kuryente o madalas na pag-trip).




- Iwasang hawakan ang anumang saksakan o pindutan gamit ang basang kamay.




- Ang bawat saksakan ay dapat pinapasukan lamang ng isang adaptor o isang extension unit upang maiwasan ang circuit overload.
- Upang matiyak ang kaligtasan, kumuha ng isang rehistradong kontratista sa kuryente upang inspeksiyunin at subukan ang de-kuryenteng instalasyon sa takdang panahon kahit na ang aprubadong paglo-load nito ay hindi lalagpas sa 100A.

- Kapag mawalan ng kuryente, ang mga pangunahing de-kuryenteng kasangkapan ay dapat patayin. Kung hindi, magkakaroon muli ng pagkawala ng kuryente dahil sa circuit overload pag bumalik na ang daloy ng kuryente.



3.8 Mga Depektong Karaniwang Matatagpuan sa mga De-kuryenteng Instalasyon



1. Di-maayos, niluluma at sira nang mga kawad ng kuryente na nagmumula sa kakulangan sa pagpapanatili at pagkukumpuni.
2. Mga kawad ng kuryente na may kondaktibong bahagi na nakalantad na.
3. Mga di-nagamit o inabandunang kawad na hindi inalis.
4. De-kuryenteng instalasyon na di-epektibong na-earthed dahil sa pagkaluma o kakulangan sa pagpapanatili at pagkukumpuni.
5. Mga ilegal na karagdagan o pagbabago sa mga de-kuryenteng instalasyon na humahantong sa overload.
6. Kakulangan ng mga karatula paraukol sa mga babala.
7. Mga switchroom na ginagamit bilang bodega.
8. Nakaharang na akses sa mga pindutan o distribution board.



Bahagi 4 Mga Katanungan o Reklamo

Para sa mga reklamo tungkol sa suplay ng mga di-ligtas na de-kuryenteng kasangkapan sa bahay o sa mga di-ligtas na de-kuryenteng instalasyon, maaari kayong lumapit sa Departamento ng mga Serbisyong Elektrikal at Mekanikal (EMSD). Maaari rin kayong lumapit sa EMSD para sa mga katanungan tungkol sa mga pangkalahatang bagay na may kinalaman sa kaligtasan pagdating sa kuryente at sa mga kaugnay na kinakailangan sa batas.



Note : The translation was done by a support service centre for Ethnic Minorities to translate the English version of Household Electrical Safety Handbook into various languages. If there is any inconsistency or ambiguity between the English version and the translated versions, the English version shall prevail. In addition, this handbook is NOT a statutory document and is prepared for general information only.

Tandaan : Isinagawa ang pagsalin ng isang sentro ng serbisyong suporta para sa mga Etnikong Minorya upang isalin ang bersyon sa Ingles ng Handbook ng Kaligtasan sa Kuryente ng Sambahayan sa iba't ibang wika. Kung may anumang hindi pagkakaiba o kahirapan sa pagitan ng bersyon sa Ingles at ang mga naipasong bersyon, ang bersyon sa Ingles ang dapat mangibabaw. Bukod dito, ang handbook na ito AY HINDI isang statutory na dokumento at inihanda lamang para sa pangkalahatang impormasyon.

Dibisyon ng Lehlasyon sa Elektrisidad, EMSD

Address : 3 Kai Shing Street,
Kowloon, Hong Kong

Hotline : 1823

Fax : 2895 4929

Email : info@emsd.gov.hk

*Tandaan: Ang manwal na ito ay HINDI isang legal na dokumento at inihanda para lamang sa pangalahatang impormasyon.

機電工程署

EMSD

